



ARTIKULO

Desaparesidos: Ang Pagtalunton ni Lualhati Bautista sa Bakas ng mga Rebolusyonaryong Ina

Arlan M. Camba

Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas
arlancamba0608@gmail.com

Abstrak

Magiging tuntungan sa papel na ito ang nobelang *Desaparesidos* ni Lualhati Bautista. Muling kilalasin ang representasyon ng mga babaeng tauhan ni Lualhati mula sa pagiging asawa, ina, hanggang sa representasyong rebolusyonarya. Sa pamamagitan ng pagmamapa sa kasaysayan sa panahong nailathala ang akda at sa pagsilip sa ilang tala sa buhay ng otor kasama ang ilan niyang mga akda, sisikaping makita ang epekto ng OPLAN BANTAY-LAYA na pakana ng nagdaang administrasyong Arroyo sa mga biktima ng *Enforced and Involuntary Disappearance* o (EID) at maiugnay ito sa mas malinaw na paglelente sa isyu ng mga kababaihan.

Mga Susing Salita

Desaparesidos, Inang Rebolusyonaryo, OPLAN BANTAY-LAYA, Enforced and Involuntary Disappearance (EID)

Abstract

In this paper, the novel *Desaparecidos* by Lualhati Bautista will be the core basis. The paper will re-scrutinize the representation of women character of Lualhati from being wife, mother, until the representation of being a revolutionary. By mapping the history of the time of publication of the novel and some preview on the notes in the lives of the author and her works, the paper will try to see the effect of the OPLAN Bantay-Laya scheme of the previous Arroyo administration to the victims of Enforced and Involuntary Disappearance (EID) and attribute it to clearer inquiry on the issue of women.

Keywords

Desaparecidos, Revolutionary Mother, OPLAN BANTAY-LAYA, Enforced and Involuntary Disappearance (EID)



Panimula

Sabi ng isang Pranses; *“If you want to know more about men, study women,”* kung nais daw nating maunawaan ang mga lalake dapat nating pag-aralan ang mga babae. Sa lipunang ito na matagal nang namamayagpag ang “makalalakeng uri,” laging nasa laylayan ang usapin ng pagiging babae. Laging kumikiling o nakakiling ang partriyarkal na lipunan sa mga nagawa ng mga lalake at laging naisasantabi ang dakilang ambag ng babae sa ating lipunan.

Kung susumahin, ang pagsikil sa karapatan ng mga kababaihan ay manipestasyon ng higit pang problemang kinakaharap ng bansa. Minsan o mas madalas; ang babae at ang maging babae ay nagiging tumpalan ng hindi pantay na pagtrato ng makauring lipunang ito na ang mga kamay ay laging nakasakal sa leeg ng mga mahihina at walang laban. Kaya't ano ang kaibahan ng karanasang ito sa danas ng iba pang napagmamalupitan? Aralin natin ang mga babae... ang kanilang mga likha, ang kanilang mga gawa. May kakaibang “dating” ang sipat nila sa mundo, may kakat'wang pagtingin ang pagyapos nila sa buhay...

Pagluwal kay Lualhati

Sabi ni Luna Sicat-Cleto,

“buklatin mo ang anumang libro o akdang isinulat ni Lualhati Bautista, at tiyak na mayroon kang mapapansin. Magaan ang wika, madaling suotin ang sinasabi. Hinihigop ka agad ng kuwento. May siste, may humor. Tila naririnig ang ibinubulong ng iyong utak at palilitawin iyon sa pahina. May opinyon tungkol sa mga nangyayari, pangyayari: sa kultura, sa kasarian, sa pook, sa politika, sa palitan ng dolyar at piso, ultimo sa kasaysayan at binubuo pang kasaysayan... sa madaling sabi, buklatin mo ang anumang libro o akdang isinulat ni Bautista at alam mong nagbabasa ka ng isang akdang likha ng isang mananalaysay” (2011, p. 259).

Hindi maitatatuwang primera klaseng manunulat si Lualhati Bautista. Malalim ang kanyang sensibilidad bilang babaeng manunulat sa pag-urirat niya ng kasaysayan. Pumapakat ang kanyang karanasan bilang babae sa pagdaliro ng mga isyung pumupuntirya sa pagiging ina, pagiging asawa at bilang “ang babae”.

Bagaman nakaisang semestre lamang ng pag-aaral ng kolehiyo sa kursong journalism sa Lyceum dahil sa kawalang interes, “matapang mag-isip si Lualhati (Sicat-Cleto, 2011, p. 265). Ang katangiang ito ay hinulma ng pagpapalaki ng kanyang mga magulang. Ang kanyang ama, na isang mang-aawit, kompositor, musikero at makata “ang nagbukas ng pinto ng kanyang imahinasyon... (2011, p. 272). Ang kanyang ina, bagaman ayon sa kanyang paglalarawan ay “kasama sa henerasyon ng mga babaeng nasa bahay lamang, tanggap ang papel bilang ilaw ng tahanan” (2011, p. 267) ay rebelasyon sa kanya ang kahusayan nito sa pagsusulat kung nabigyan lamang ito ng pagkakataon.

Naging malaking impluwensya rin kay Lualhati Bautista ang mabigyan siya ng pagkakataong makapagsulat sa Liwayway. Malaki ang kinalaman ng babasahing ito sa pag-imbulog ng kanyang literary career. Sa interbyu ni isinagawa ni Luna Sicat-Cleto (2011), “walang pagtatakip o pagkapahiya ang pag-amin niya sa pagkonsumo ng kulturang popular. Taas noo niyang sinabi na ito ang binabasa nila sa pamilya, at ito ang lathalaing inambisyon niyang mapaglathalaan ng kaniyang kuwento.” (p. 271).

Pagluluwal ng Akda

Bago naging nobela ang akdang *Desaparesidos*, nanalo muna ito sa Philippine Centennial Literary Contest noong 1998 bilang screenplay. Taong 2000 nang mabili ng Viva Films ang karapatan sa pagsasapelikula ng *Desaparesidos*. Ngunit bago ito, naidirehe muna ni Joel Lamangan ang dulang pantelebisyon ng *Desaparesidos* para sa GMA Telesine. At noong 2007, nailathala ito bilang nobela ng Cacho Publishing House.

Sa pagtataya ni Luna Sicat-Cleto sa kanyang interbyu, masasabing panulukang bato sa career ni Bautista ang naturang nobela. Aniya; “nanganak ang nobela ng mga debate hinggil sa pagsusulat ng mga partikular na paksang kadikit na ng batas militar: tortyur, panggagahasa, at ang tinutukoy ng mismong pamagat, ang mga desaparesidos.” (p. 261). Ang nobelang ito ang mistulang naging “hulmahan” ng iba pang manunulat na sumusulat sa mga paksaing tumatalakay sa isyu ng batas militar.

Akala natin ay nasabi nang lahat ang gustong sabihin ni Lualhati Bautista tungkol sa bisa ng Martial Law sa pamilyang Filipino sa kanyang Dekada '70. Pero narito ang *Desaparesidos*, at kalunos-lunos ang nilalaman ng bagong nobela tungkol sa pagkalasog ng mga kabuktutan ng militar sa pamilya ng mga rebolusyonaryong nasa kanayunan sa panahon ng diktadura. (Lumbera, 2007, p. v.)

Halos dalawampung taon ang pagitan nang mailathala ang Dekada '70 (1988) at ang nobelang *Desaparesidos* (2007). Sa Dekada '70, ang takbo ng naratibo ay nakatuon kay Amanda Bartolome, isang asawa at ina sa kanyang mga anak na dumadanas ng pagbabagong pangkasaysayan ng mga panahong iyon. Madilim ang bahaging ito ng ating kasaysayan. Ang pagdedeklara ng Martial Law noong Setyembre 21, 1972 ni Marcos ang sumupil sa mga basikong karapatan ng mga Pilipino. Marami sa atin ang pinangibabawan ng takot. Maraming nawala; maraming inulila. Ilang ina ang nawalan ng asawa...? Ilang ina ang nawalan ng anak...? Ilang anak ang nawalan ng ina...?

Ngunit bakit inabot ng halos dalawampung taon bago nasundan ang Dekada '70? Ano ang kaligirang pangkasaysayang umiiral sa panahong nalathala ang *Desaparesidos*?

Kutob ng Isang Ina... Inuulit na Kasaysayan

Dapat ilugar ang akda sa isang partikular na panahon. “Maaaring basahin ang aspektong historikal at sosyolohikal sa panahong isinisiwalat ng akda. Maaari rin namang sa panahong binabasa ang akda” (Lumbera, 2000, p.260). Matatandaang taong 2007 nang mailathala ng Cacho Publishing ang *Desaparesidos* bilang isang nobela; at ang panahong ito ay bahagi ng siyam (9) na taong panunungkulan ni Gloria Macapagal Arroyo sa poder ng kapangyarihan. Nang mapatalsik si Joseph Estrada dahil sa isa na namang EDSA, matapos hindi payagang mabuksan ang envelop na naglalaman daw ng “katotohanan” sa anomalyang pinasukan ng bigotilyong si ERAP; nagkukumahog na nanumpa bilang ika-14 na Pangulo si Gloria.

Ngunit anong klaseng administrasyon at uri pamamalakad ang “ibinida” ni Arroyo?

Ayon sa KARAPATAN (2009), isang organisasyong kumikilala at nangangalaga sa karapatang pantao, “The almost nine years of the U.S.-backed Arroyo government is characterized by the use of its military for political repression coupled with deception to cover up the gross human rights violations committed against the Filipino people” (p. 2). Ang siyam na taong sabwatan sa pagitan ng U.S. at administrasyong Arroyo ay kakikitaaan ng paggamit ng militar para sa pandadahas at panunupil. Naging mapanlinlang ang administrasyong ito upang mapagtakpan ang malawakang pang-aabuso sa karapatang pantao ng mamamayang Pilipino.

Dahil sa patuloy na pangungunyapit ni Arroyo sa pondilyo ng mga Kano at mapanatili ang sarili sa poder ng kapangyarihan; sumawsaw ang administrasyong ito sa panawagan ng U.S. laban sa “War on Terror”. Ipinatupad ni Arroyo bilang *Commander-in-Chief* ng AFP ang “OPLAN BANTAY-LAYA.” Isang pambansang polisiya, na naghatid ng takot at terorismo sa mamamayang Pilipino. Pinuntirya ng polisiyang ito, sa tulong ng kanyang numero unong berdugo na si Major Gen. Jovito Palparan Jr., na ilang beses pa niyang pinapurihan sa kanyang SONA, ang mahigpit na kritikong lantarang bumabatikos sa Administrasyong Gloria.

Sa panahong ito ng kanyang panunungkulan at pagpapatupad ng kanyang OPLAN BANTAY-LAYA, tumindi ang *Extra-Judicial Killings, Enforced Disappearance, mga biktima ng Illegal Arrest, Harrassment* at pagtaas ng bilang ng mga bilanggong politikal. Sinong makakalimot sa mga patayan, pagdukot, panghaharass at panggagahasa sa panahong ito ni

Gloria? Naging mainit ang mata ng administrasyong ito sa sinasabing “makakaliwa”. Inakusahang “kalaban ng estado”, rebelde o komunista ang sinumang hayagan o di hayagang pumupuna sa di-makataong polisiya ng gobyerno at nakikibaka para sa pundamental na reporma sa ating pamahalaan. Nawala o sadyang binura ang linyang humihiwalay sa pagitan ng kilusang nagsusulong ng armadong pagkilos at ng kilusang naglulunsad lamang ng mga kilos protesta. Sa panahong ito, sinuman ang mapagbintangan ay maaaring mamatay at mawala!

Mulat at malay si Lualhati Bautista sa nangyayaring ito sa ating bansa; reaksyon niya sa isang interbyu ni Pennie Azarcon (2008) sa *Philippine Daily Inquirer*, “Ano ang kaibahan sa pagitan ng Martial Law at nang sumunod na mga taon kung ang mga tao ay pinapatay at patuloy na nangawawala dahil inakalang kalaban ng gobyerno?” (sariling salin).

Hanggang ngayon, naging mailap ang katarungan para sa mga biktima ng OPLAN BANTAY-LAYA. Sa pagbabayad ng utang ng Administrasyong Aquino sa mga grupong nakapagluklok sa kanya at sa ipinagmamalaki niyang “tuwid na daan”, napa-*hospital arrest* si Gloria. *Classic*; ang itsura ni Gloria Macapagal Arroyo habang suot-suot ang *neck brace* na sumusuporta sa kanyang leeg. Payat na payat, walang *make-up*; pumupustura ang itsurang dapat kaawaan at hindi dapat kabuwisitan. At matapos ang anim na taong panunungkulan ni Noynoy at makahakot ng *landslide victory* si Duterte sa kalabang si Mar Roxas; absuwelto si Gloria! Sa ngalan daw ng sinasabing “Pambansang Paghihilom” *vindicated* si Arroyo! Ibinasura ng hukuman ang kanyang mga kaso. Ngayon, ipinagpapatuloy niya ang panunungkulan bilang kongresista sa Ika-2 Distrito ng Pampanga, kasalukuyang tumatayong *Deputy Speaker* ng Mababang Kapulungan ng 17th Congress. At kamakailan lamang ay nakalabas ng bansa papuntang Germany; mukhang nagpa-*stem cell*. Wala na rin ang kanyang *neck brace*, at sa salita ng Dakilang *National Artist* na si Bien Lumbera “... mukhang gumanda na siya!”

Sa ulat ng KARAPATAN (2009), mula ng manungkulan si Arroyo noong 2001 hanggang 2009, halos 1,188 ang naging biktima ng *extrajudicial killings (EJK)*. 153 dito ay pawang mga babae at 77 ang mga bata. 205, ang biktima ng *Enforced Disappearance* (p.29). 31 dito ay mga babae at 4 dito ay mga bata na sapilitang nawala at hindi na nakita. Isama na rin ang 57 biktima ng *Ampatuan Massacre* noong Nobyembre 23, 2009 na ang karamihan sa mga pinatay ay halos kawani ng *media*.

Nagpapakita ang istatistikang ito kung gaano kabrutal ang pang-aabuso sa ating karapatang pantao. Walang pinipili na kasarian o edad ang biniktima ng militar sa panahong ito. Sa paglalarawan ng *Center for Human Rights* ng Geneva:

Enforced and involuntary disappearance (EID) is deemed as one of the cruelest of human rights violations. It is "a doubly paralyzing form of suffering: for the victims, frequently tortured and in constant fear for their lives, and for their family members, ignorant of the fate of their loved ones, their emotions alternating between hope and despair, wondering and waiting, sometimes for years, for news that may never come. The victims are well aware that their families do not know what has become of them and that the chances are slim that anyone will come to their aid. (KARAPATAN, 2009, p. 34)

Sa lahat ng anyo ng panunupil, ang *Enforced and Involuntary Disappearance (EID)* ang isa sa pinakamasahol na paraan ng pang-aabuso sa karapatang pantao. Hindi lamang pisikal kundi sikolohikal na pang-aabuso ang talab sa buhay ng mga biktima sa anyong ito ng panunupil. Sa taong nawala na laging tinortyur at sa pamilyang naghihintay kung ano ang kinasapitan ng kanilang mahal sa buhay; bumabaklas sa katinuan ng pag-iisip ang walang katiyakang paghahintay.

Sa dinami-dami ng mga biktima ng pagkawala, isa na siguro sa sinubaybayan at naging matunog sa *media* ay ang kaso ni Jonas Burgos; anak ni Jose "Joe" Burgos Jr. at ni Editha Burgos.

Ayon sa mga saksi, apat na lalake na nagpakilalang pulis ang bumitbit kay Jonas palabas habang nanananghalian sa restawran ng isang mall sa Quezon City sa Commonwealth Avenue. Pilit siyang isinakay sa isang Toyota Revo na ang plaka ay nagtuturo sa isang *military camp* sa Norzagaray, Bulacan at nagdadawit sa 56th Infantry Brigade ng Philippine Army (KARAPATAN, 2009, p. 36). Halos siyam (9) na taon na ang nakakalipas mula nang siya ay mawala at hanggang ngayon nangangapa pa rin ang kanyang pamilya kung saan siya matatagpuan.

Sa pagkawalang ito ni Jonas, kailanman ay hindi tumigil ang kanyang ina na si Editha sa paghahanap sa kanyang anak. Mula sa pakikipag-ugnayan sa iba pang pamilya at sa mga katulad din niyang ina na patuloy na naghahanap sa kanilang mga nawawalang mahal sa buhay; tumatayo si Editha Burgos bilang Chairperson ng *Desaparecidos*; Isang organisasyong naghahanap ng hustisya sa mga tulad nilang nawawalan ng kaanak.

Ibang klaseng tortyur ang paghihintay. Sa simula ng pagkawala; panahon ang nagiging kalaban ng taong naghihintay. Ang bawat segundo, minuto, oras, araw, buwan, taon at dekada ng paghihintay ay mga asin na ibinububo sa sugat ng nagnanaknak na pag-asa. Hindi tulad ng namatay na lang; may katawan na nakikita. Ngunit ang mawalan at umasa sa pagbabakasakaling baka minsan ay sumulpot siya o bumalik ay nakapagpapabakbak ng katinuan! Minsan, kailangan ang katawan, buhay man o patay upang kalamayin ang labis-labis na paghahanap at pag-asa.

Sa panayam kay Lualhati Bautista, mababasa ang koneksyon ng otor sa iba pang mga ina. Ang simpatiya niya kay Edith Burgos tungkol sa pagkawala ng anak nito ay patunay ng magkakasugpong na damdamin ng lahat ng mga ina tungkol sa kanilang mga anak. Anak ang sumatutal ng pagkatao ng isang ina. Instinct sa ina na hanapin at protektahan ang kanyang anak. Ina at tanging ina lamang ang makakaunawa sa damdamin ng kapwa ina. Sabi ni Bautista:

Hindi ko siya personal na kakilala pero dama ko ang sakit na nararamdaman ni Edith Burgos sa pagkawala ng kanyang anak na si Jonas... ramdam ko ang ugnayan ko sa iba pang mga inang nawalan ng mga anak sa nagdaan at kasalukuyang rehimen. Kapag nababasa ko ang tungkol sa paghahanap ni Edith sa kanyang anak, gusto ko siyang yakapin kahit na wala akong sasabihin dahil kahit ang mga manunulat ay maaaring kapusin din ng mga salita. (Azarcon, 2008, Philippine Daily Inquirer) (Sariling Salin).

Lumabas ang panayam na ito noong Hunyo 15, 2008, halos isang taon at dalawang buwan mula nang mawala si Jonas Burgos noong Abril 28, 2007. 2007 din, nang unang mailathala ang nobelang *Desaparesidos*.

Hindi kaya instinct bilang ina, manunulat at mananalaysay ang nagbunsod kay Bautista na isulat ang nobelang ito? Kinutuban na kaya si Bautista na ang kaligirang pangkasaysayang umiiral sa panahong iyon ni Gloria Macapagal Arroyo ay pag-uulit lamang ng madilim na mukha ng Batas Militar?

Sa pagbusisi ni Bautista sa kanyang karanasan, sinabi niya:

“Bago ako umalis; ang ilang tao sa kilusan ay nagmagandang loob na sila na ang bahala sa pag-aalaga sa aking anak. Siyempre, tumanggi ako. Isipin mong iwanan ko ang aking anak sa mga taong pinaghahanap at nagtatago? Paano kung may mangyari sa kanila? Saan at paano ko sisimulan ang

paghahanap sa aking anak? Naisip ko rin kung paanong ginagamit ng militar ang mga anak laban sa kanilang magulang kapag sila ay nahuli. “Magsalita ka, kung hindi ay papatayin ko ang iyong anak habang pinapanood mo! Nangyari ito sa iba. Sa isang banda, naisip ko bago pa man ang 1973, itinatanim ko na ang mga binhi para sa nobelang ito.” (Azarcon, 2008) (sariling salin).

Kutob man o instinct ang nagbunsod kay Bautista upang sulatin ang nobelang *Desaparesidos*, matagal nang itinanim ni Lualhati ang binhi ng mga karanasang umusbong sa panahon ng diktadura. Ang politikal na kalagayang kinaharap ng sambayan sa panunungkulan ni Gloria Macapagal Arroyo ang nag-reinforced at nagpanumbalik sa manunulat na si Bautista upang balikan at sulating muli ang sinasabi ni Lumbera (2007) na “kalunus-lunos at paglasog ng mga kabuktutang militar sa pamilya ng mga rebolusyunaryong nasa kanayunan sa panahon ng diktadura” (p. 5).

Sipat-Feminista

Gaya ng nabanggit sa unahan, “If you want to know more about men, study women.” Ngunit papaano at saan magsisimula ang pagkilala sa mga kababaihan? Mahalagang maintindihan at tanggapin ng sinumang mangangahas na mag-aaral sa akdang gawa ng mga babae na sila ay may ibang sipat at pagtingin sa mundo. At ang ibang sipat at pagtinging ito sa mundo ay nangangahulugan din ng ibang interpretasyon nila sa kanilang karanasan. Wika ni Sylvia M. Ventura:

“being female is significantly different from being male, a fact that impinges on the way males and female relate to one another and to society in general. It goes without saying that the experiences of male and female writers affect their respective world views and their writing” (1994, p.3).

Makikita sa mga akda ng mga babaeng manunulat ang katangi-tanging diklap ng mga karanasang matagal nang sinupil ng makauring lipunan. Isang malaking pagkakamali na ipalagay na ang “makalalakeng karanasan” ay ang maituturing na unibersal at karapat-dapat. Ang mga akdang likha ng mga babae, anuman ang maging paksa nito ay isang malaking tipak ng mga karanasang bumabangga at patuloy na babangga sa mga “ideyal” na nilikha ng patriarchy.

May sariling kahulugan ang babaeng manunulat sa mundo. May sarili silang paraan ng paglalalag at paghahain ng mga karanasang iyan. At ang karanasang iyan ay nakaugat "sa kung paano itinuturing ng babaeng manunulat ang kanyang pagkababae, kung paano niya kinikilala ang kanyang pagkatao na mahalagang salik ang kanyang pagkamanunulat ay resulta ng proseso ng gitgitan ng ideolohiya ng patriarki at ng ideolohiyang feminista" (Yu-Torres, 2000, p. x)

At bakit isinusulat ng babae ang kanyang karanasan? Sapagkat, "kalayaan ang kritikal na konsepto ng mga akda ng kababaihan..." (Reyes, 2003, p. xxx). Inilalag at inihahain ng mga babaeng manunulat ang kanilang karanasan sa pamamagitan ng kanilang mga akda. Boses ng paglaya ang likhang akda ng mga babaeng manunulat.

Hindi madali sa mga babaeng manunulat na abutin ang sinasabi nilang kalayaan. "Anuman ang karapatan at pribilehiyong nakamit, ipinaglaban ito ng kababaihan..." (Garcia, 2012, p. 183). Malubak ang landas tungo sa sinasabing paglaya. At tulad din ng ibang sektor na nagnanais makamit ang tunay na kalayaan at pagkakapantay-pantay; isang mabisang paraan ang kolektibong pagkilos upang makuha ang anumang ginugusto.

Upang maging ganap ang tagumpay ng mga kababaihan at ng kilusang feminismo, marapat lamang na maging kabalikat ang lalake sa anumang laban na susuungin ng mga babae at ang mga babae naman ay marapat na maging katuwang ng mga lalake sa kanilang mga ipinaglalaban. Hindi dapat isipin ng mga kababaihan na labas o tiwalag ang mga lalake sa isyu ng feminismo. Sabi nga ni Bautista (1991), sa kanyang Paunang Salita sa librong Bata, Bata, Pa'no ka Ginawa, "inihahain ko ito sa mga kapwa ko babae sa mismong dahilan na sila'y babae... at sa mga lalake, dahil sila ang pinakamasarap na kasalo ng katawan, isip at puso naming mga babae.'

Ang Naratibo ng Desaparesidos

Katulad ng iba pang nobela ni Lualhati, babae ang sentral na karakter ng nobelang Desaparesidos. Si Ana, isang rebolusyonarya; kabilang sa mga "pulang mandirigmang" lumublob sa armadong pakikibaka ay naipit sa trahedyang na nilikha ng Batas Militar.

Bunga ng masalimuot na karanasan sa kilusan; (ang tumitinding militarisasyon at pagpatay sa kanyang asawang si

Nonong,) napilitan siyang ipagkatiwala ang anak na si Malaya sa isang “kasama”, kay Karla. Sa kasawiang-palad, nawala si Karla at ang kanyang anak...

Dalawampung taon, matapos tuldukan ng unang EDSA ang rehimen ng diktador na si Marcos; itinuloy ni Ana ang paghahanap sa nawawalang anak. Ngunit ang taong mag-uugnay sa kanya upang matagpuan si Malaya ay patay na (si Jinky, asawa ni Karla).

Mahalagang pansinin ang takbo ng naratibo ng akda sapagkat higit na mauunawa ang konsepto ng desaparecidos o nawawala sa takbo ng istorya. Puna ni Bienvenido Lumbera (2007):

“Sa unang bahagi ng nobela, ang katagang “desaparecidos” ay tumutukoy sa nawawalang anak. Sa ikalawang bahagi, nagbago ang pakahulugan sa pamagat ng nobela pagkat itinuon ni Bautista ang banghay sa paghahanap ng anak ng rebolusyonaryong magulang sa “nawawalang” ama at ina” (p.vi).

Batid ba ni Bautista ang ganitong pagbasa na inihahain ng kanyang nobela? Dalawang mukha ng pagkawala, dalawang mukha ng paghahanap. Ang nawawalang anak na hinahanap ng ina at nawawalang magulang na hinahanap ng anak.

Malinaw ang paliwanag ni Bautista sa pakahulugan niya ng mga nawawala o desaparecidos. Aniya:

Bautista also defines Desaparecidos in a different, albeit just as traumatic, context in this novel. Not only does the term refer to friends and kin who were deemed disappeared or missing because of state or military forces, the word also speaks of the disappearance of absence of activist parents in the lives of their children as they elude arrest to pursue their revolutionary goals. (Azarcon, 2008)

Ang paliwanag na ito ni Bautista ay tumutumbok sa tungkulin ng magulang na nakalublob sa mga gawaing iniatang sa kanya ng kilusan at ang responsibilidad ng magulang sa pagpapalaki sa kanyang mga anak. Kitang-kita ito sa naratibo ng nobela. Si Lorena, ang anak ni Roy at Ana ay lumaki na nasanay na wala sila! Kimkim ni Lory ang hinanakit sa kanyang mga magulang. “Walang nagbago, Eman; naulila lang tayo. At nagkabalikan man sila, hindi sila talaga nakauwi. Dahil hindi na nila alam ang maging magulang... walang nalikha ang mga

magulang natin... kundi isang lipunan ng mga desaparesidos!" (Bautista, 2007, p. 197)

Ipinamumukha ni Bautista sa isip ng mambabasa ang nandidilat na sumbat ng konsensya sa isang magulang na hindi nagampanan ng buong-buong ang pagiging ama at ina dahil minahal nila ang kilusan at minahal nila ang bayan. Isisisi ba sa bayan ang kanilang naging mga kakulangan? Tanungin natin si Bautista:

"Nang maliliit pa ang aking mga anak, hindi ko sila maiwan kung kani-kanino... ngunit may alam akong mga ina sa kilusan na ginagawa yon. Mas mabuti ba akong nanay kaysa sa kanila, o mas mabuti silang anak ng bayan kaysa sa akin? Hindi ko ba mahal nang sapat ang bayan ko para iwan ang mga anak ko, o hindi nila mahal nang sapat ang kanilang mga anak? Wala akong sagot sa mga iyan" (Azarcon, 2008) (may ilang sariling salin).

Inihahambing ni Bautista ang kanyang pagiging ina sa iba pang ina na nasa loob ng kilusan. Sino ang mas mabuting ina, ang inang nagmamahal sa bayan o ang inang gumaganap sa tungkulin ng isang magulang? Kaya bang isakripisyo ang pagmamahal sa mga anak para patunayan ang pagmamahal sa bayan? Bagaman aminadong may mga ina sa kilusan na iniwan ang kanilang mga anak, mas pinili ni Bautista na hindi sagutin ang kanyang naging katanungan. Wala nga ba siyang maisagot o hindi pa lubos nasusuyod ni Bautista ang laot ng sensibilidad ng mga inang rebolusyonarya?

Si Ana... Rebolusyonaryong Ina!

Paano ba sinusukat ang tagumpay ng isang manunulat?

Winika ng Pambansang Alagad ng Sining na si Bien Lumbera (1991), "ang tagumpay ni Bautista ay nasa pagkakarawan sa isang babaeng nakatatak sa kanyang identidad bilang indibidwal sa isang panahong ang lipunang kanyang kinapapalooban ay dinadaluyong ng mga pagbabago." (p.3)

Sa mga akda ni Lualhati Bautista lalo na ang mga nobelang Dekada '70 at Bata, Bata, Pa'no Ka Ginawa? natatangi ang pagtatampok sa dalawang pangunahing tauhan na si Amanda Bartolome at Lea Bustamante. Parehas na asawa, kapwa mga ina at mga tunay na babae. Gagap ni Bautista sa

dalawang tauhang ito ang lutang na lutang na katangian ng makababaeng pananaw.

Hindi maipagkakailang feministang representasyon ng mga ina ang dalawang tauhang ito ni Bautista. “Bukod sa mga katangiang pagiging matatag, matapang, may sariling trabaho, ang ikinaibaba ng dalawang tauhang ina ni Bautista ay ang kamalayan nilang mayroon silang pagkataong hindi nalulusaw at hindi dapat payagang malusaw sa pag-iiba ng estado nila.” (Yu, 2006, p. 342)

Sa salita mismo ni Bautista “Ang babae’y nananatiling siya, kahit pa siya asawa na’t ina” (Bautista, 1988, p. 6). Anuman ang kanyang maging estado; hindi kayang lusawin ng anuman o alinmang katayuan ang iwing katangiang nagbubuo’t bumubuo sa kanyang pagkatao, at ito ay ang maging “ang babae”.

Si Amanda Bartolome, “isang tipikal na inang maasikaso sa pamilya, mapagkalinga sa mga anak, maserbisyo sa asawa, may talino at sensibilidad...” (Yu, 2006, p. 342); ay babaeng hindi lamang nagpakulong at nagpatali sa kinamihasnang tungkuling iniaatang sa mga babaeng asawa. Nakisangkot din siya sa pagbabagong panlipunang umiiral sa kanyang panahon. Naging bukas siya sa politikal na kamulatang kanyang nararanasan at nasasaksihan sa pagpapalaki ng kanyang mga anak.

Si Lea Bustamante, “matingkad na matingkad ang feministang paninindigan... sa paraan ng pagpapalaki niya sa mga anak, sa paggigiit ng sariling pasiya at sa malinaw na pagkamalay sa sarili niyang pagkatao.” (Yu, 2006, p. 343); ay babaeng hindi basta-basta madidiktahan. Hindi kayang tapak-tapakan. Hindi malamya ang paninindigan. Iginigilgil ang alam niyang tama para sa kapakanan ng kanyang mga anak at bumabangga sa pader ng mga katwirang inihahatag ng mga lalake.

Samakatuwid, si Amanda Bartolome at Lea Bustamante “ay dalawang tauhang ina na karaniwan nang itinuturing na pananagisag ng isang feminista sa Panitikang Filipino” (Yu, 2006, p. 342).

Nilikha ni Lualhati Bautista ang representasyong ina at asawa sa karakter nina Amanda at Lea, at alam na alam ni Bautista ang paglalarawan sa masalimuot na sensibilidad ng mga babaeng tauhang ito. Balibaligtarin man si Bautista, itaktak man o ibitin patiwarik; bihasa siya sa paghiwa ng matatalim at matatalas na detalyadong paglalarawan sa malusog na karanasan ng pagiging asawa at ina. Nagmamarka sa

kaibuturan ng pagkatao ng mambabasa ang mga tauhang babae sa kanyang mga likha.

Pag-amin ni Bautista, (1988) "Alam ko ang maging asawa at alam ko rin ang maging ina; ano pa ang kaibhan?" (p.8). May pagkakaiba nga ba ang pagiging asawa at ina? May pagkakaiba nga ba ang kanyang mga karakter? Kung representasyon ng feministang ina at asawa sina Amanda at Lea, anong uri ng representasyon ng ina si Ana, na siyang sentral na karakter sa nobelang *Desaparecidos*?

Sabi ng isang feministang manunulat na si Soledad Reyes (2003); "Hindi lamang ina o anak ang babae, siya ay isa ring rebolusyonaryo; isang tagahasik ng mga bagong paniniwala tungkol sa kanyang sarili at ang kaugnayan nila sa lipunan." (p. xxix). Kung susundan ang pahayag na ito ni Reyes, may malaki nga kayang kaibhan ang isang feministang ina o asawa sa isang babae o inang nagsusulong ng isang rebolusyonaryong pakikibaka?

Ang dinadanas na kaapihan ng mga kababaihan ay nakaugat sa historikal at panlipunang kalagayan. At magiging lubos lamang ang paglaya ng mga babae kung tuwiran siyang makikisangkot sa pagbabago ng lipunan. At papaano ito magagawa ng mga kakababaihan?

Sa isang sanaysay na may titulong Ang Kababaihan sa Lipunang Pilipino (2012) malinaw na mababasa na:

"... magagawa lamang ito ng kababaihan kapag sumanib sila sa pakikibaka ng buong sambayanan sa anyo ng pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon... palalayain nito ang sambayanan mula sa mga saligang suliranin ng bayan, at gayundin ang kababaihan. Ang mga pwersa't istrukturang nang-aapi sa sambayanan ang siya ring pangunahing pwersang nagmamantini at nagpapalaganap ng pang-aapi ng kababaihan. Kaya't kailangan ang mahigpit na pakikipagkaisa sa buong sambayanan sa balangkas ng pambansa demokratikong rebolusyon."

Sa pahayag na ito, higit pa sa representasyon ng isang feministang ina ang paglalarawan ni Bautista sa kanyang tauhang si Ana. Si Ana, ay hindi lamang ordinaryong ina o asawa, siya ay representasyon ng rebolusyonaryang ina, isang babaeng yumakap sa prinsipyo ng armadong pakikibaka!

Kung ang magrebolusyon ang pinakamataas na antas ng kamulatang maibabahagi ng feminis mong pananaw; na kay Ana na nga ang kaibig-ibig na katangian ng isang babaeng matapang... "nakikibaka ito sa loob at lampas sa usapin ng

pagkalinga sa mga anak at pamilya; nakikibaka't handang magbitbit ng armas" (Tolentino, 2012).

Ang ganitong klaseng representasyon ni Bautista ng babaeng nakalubog sa armadong kilusan ay tila may personal na talab sa kanyang pagtataya ng kanyang mga kahinaan at limitasyon bilang nagtatangan ng prinsipyong feminista. Sa panayan ni Luna Sicat-Cleto (2011) kay Bautista; "napansin ni Joey Baquiran na tila may napaka-intimate na kaalaman si Bautista sa kilusan, sa mga damdamin ng pulang mandirigma." Reaksyon ni Bautista... "Hindi naman ako nakulong no... ay, talent yun! At saka ito tumawa." (p. 278).

Bagaman biro at nakakatawa; distinct o katangi-tangi ang paglalarawang ito ni Bautista sa mga pulang mandirigma. Para sa kanya; talent ito na hindi napagkakalooban ang lahat. Sa kaso ni Ana, hindi ordinaryo na bukod sa maging ina o asawa ay may talent pang suungin ang pinakakomplikado, ngunit pinakaabanteng kamulatang magpapalaya sa sambayanan – ang Pambansang Demokratikong Rebolusyon!

Pagtatapat ni Bautista: "Napakaliit ng aking kamalayang politikal nang ako'y maikasal. Ngunit ang asawa ko ay isang aktibista. Hindi ko sinabing bahagi na ako ng (makakaliwang kilusan) naging parte lamang ako ng aking asawa. Buhay n'ya 'yon, hindi akin. Ngunit hindi ko kayang mamuhay ng tulad n'ya na hindi maisasakripisyo ang sa akin." (Azarcon, 2008) (sariling salin).

Sa ganitong pahayag, nag-iiwan ito ng pahiwatig na isang napakalaking sakripisyo, hindi lamang sa kanya kundi sa lahat ng mga inang nakapakat sa armadong pakikibaka. Kailangan ito ng matapang ngunit tapat na paglilimi. Sa paraang ito'y mababalikan natin ang mga tanong na iniwan ni Bautista; "mas mabuti ba akong nanay kaysa sa kanila, o mas mabuti silang anak ng bayan kaysa sa akin? Hindi ko ba mahal nang sapat ang bayan ko, o hindi nila mahal nang sapat ang kanilang mga anak? Siguro, ay may maisasagot na tayo?"

Sa pagtalunton ni Lualhati Bautista sa bakas ng mga Rebolusyonaryong Ina; kalayaan ang sentral na dahilan kung bakit nagsusulat ang mga babaeng tulad niya. Naging matagumpay siya sa paghahatag ng pagiging babae na labas sa pagiging asawa at ina na patuloy na humahamon sa makauring lipunan. Ngunit, kasabay ng paghahanap ng babae ng kanyang kalayaan; tanggap ni Bautista na ang kalayaang ito'y hindi hiwalay sa pagpapalaya sa bayan. At ang "dating" ng

nobelang *Desaparesidos*, sa kanyang sentral na tauhang si Ana, ang kanyang *ideological manifestation* ng pagiging asawa, ina at higit sa lahat rebolusyonaryo... ay lubusang yumakap sa katotohanang ang pinakamataas na antas ng pagpapalaya ay nasa armadong pakikibaka! At ang maging rebolusyonaryo; sa salita ng manunulat na si Bautista ay isang katangi-tanging “*talent*.”

Mga Sanggunian

- Azarcon, Pennie D. C. (2008, June 6). Her father's daughter. *Philippine Daily Inquirer*. Hinango mula sa <http://showbizandstyle.inquirer.net/sim/sim/view/20080615-142756/Her-Fathers-Daughter>
- Bautista, Lualhati, (2007). *Desaparesidos*. Mandaluyong City: Cacho Publishing House, Inc.
- Bautista, Lualhati, (1988). *Bata, Bata, Pa'no Ka Ginawa?* Mandaluyong City: Cacho Publishing House Inc.
- Bautista, Lualhati, (1988). *Dekada '70*. Mandaluyong City: Cacho Publishing House Inc.
- Garcia, Fanny A., (2012). *Surinaysay: Wika-Panitikan-Malikkaing Pagsulat-Feminismo-Midya*. Quezon City: C & E Publishing, Inc.
- KARAPATAN. (2009) *Oplan Bantay Laya: Blueprint for Terror & Impunity*. Diliman, Quezon City: KARAPATAN.
- Lumbera, Bienvenido. (2000). *Paano Magbasa ng Panitikang Filipino Mga Babasahing Pangkolehiyo*. Diliman, Quezon City: U.P. Press
- Reyes, Soledad S., (2003). *Ang Silid na Mahiwaga: Kalipunan ng mga Kuwento't Tula ng mga Babaeng Manunulat*. Pasig City: Anvil Publishing.
- Sicat-Cleto, Luna, (2011). *Pagluluwal ng buhay, panulat, pighati, laban: isang panayam kay Lualhati Bautista*. Likhaan 5. Diliman, Quezon City: UP Institute of Creative Writing.
- Tolentino, Rolando., (2012, April 16). *Filmikong stilo sa kritikal na naratibo ng kababaihan at rebolusyon*. Pinoyweekly. Hinango mula sa: <http://pinoyweekly.org/new/2012/04/filmikong-stilo-sa-kritikal-na-naratibo-ng-kababaihan-at-rebolusyon/>
- Torres-Yu, Rosario, (2005). *Bayan at Lipunan: Ang Kritisismo ni Bienvenido L. Lumbera*. España, Manila: UST Publishing House

- Torres-Yu, Rosario, (2006). *Re-imahinasyon ng ina sa panitikan ng kababaihan: isang imbestigasyon sa ideolohiyang maternal sa panitikan*. Kilates: Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas. Diliman, Quezon City: UP Press.
- Torres-Yu, Rosario, (2000). *Sarilaysay: Tinig ng 20 Babae sa Sariling Danas bilang Manunulat*. Pasig City: Anvil Publishing House.
- Ventura, Sylvia Mendez, (1994). *Feminist Readings of Philippines Fiction*. Diliman, Quezon City: UP Press.
- _____. (2012, Enero 9). *Ang Kababaihan sa Lipunang Pilipino*. Hinango mula sa:
<http://makibakast.wordpress.com/2012/01/09/ang-kababaihan-sa-lipunang-pilipino/>